



Natatanging Bayan ng Diyos Leksyon 28

1. Ang Diyos ba ang may kinalaman sa kaguluhang pang-relihiyon?

1 Corinto 14:33 _____

2. Mayroon bang higit pa sa isang tunay na pananampalataya?

Efeso 4:4-5 _____

3. Ang katawan ni Cristo ng mga mananampalataya dito sa lupa ay tinatawag na ano?

Colosas 1:18 _____

4. Kapag ang mga kaluluwa ay nabautismuhan, saan sila nadaragdag?

Gawa 2:41, 47 _____

5. Ang bahay ng Diyos, na siyang tunay na iglesia ng buhay na Diyos, ay ano?

1 Timoteo 3:15 _____

Sa pagpapasimula natin sa leksyong ito, pansin ang dapat ibigay sa tatlong tiyak na mga katangian ng iglesia ng Diyos sa kanyang unang mga araw.

1. Paggalang sa kautusan ng Diyos (Gawa 24: 14, 1 Juan 3: 22).
2. Ang pagkakaroon ng kaloob ng propesiya (Gawa 11: 27-28).
3. Pagkilala sa gawaing pan-sanlibutan (Mateo 28: 19, Colosas 1: 23).

6. Hanggang kailan si Cristo mananatili sa Kanyang bayan?

Mateo 28:20 _____

Atin ngayon susundan ang kasaysayan ng bayan ng Diyos kung paano ito sinabi sa propesiya.

7. Anong dakilang tanda ang nakita sa langit?

Apocalipsis 12:1 _____

“Sino siyang tumitinging parang umaga, maganda na parang buwan, maliwanag na parang araw, kakilakilabot na parang hukbo na may mga watawat?” Awit ni Solomon 6: 10

8. Inihalintulad ng Diyos ang anak na babae ng Sion (Ang Kaniyang bayan, Isaias 51: 16) sa ano?

Jeremias 6:2 _____

Sa Biblia, ang iglesia ay madalas na isalarawan bilang isang babae.

“Mga lalake, ibigin ninyo ang inyo-inyong asawa, gaya naman ni Cristo na umibig sa iglesia, at ibinigay ang kaniyang sarili dahil sa kaniya; Upang kaniyang pakabalanin ito, na nilinis sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na may salita, Upang ang iglesia ay maiharap sa kaniyang sarili na maluwalhati, na walang dungis o kulubot o anomang gayong bagay; kundi ito'y nararapat maging banal at walang kapintasan.” Eph 5:26, 27

9. Idinanalangin ni Pablo na iharap ang iglesia bilang anong uri ng babae?

2 Corinto 11:2 _____

10. Ano pang ibang tanda ang nakita sa langit?

Apocalipsis 12:3

11. Sino ang dragon?

Apocalipsis 12:9

12. Ang babae ay nanganak ng isang anak na lalaki na anong gagawin?

Apocalipsis 12:5

Ang batang ito, na isang araw ay maghahari sa mga bansa “na may panghampas na bakal,” ay si Jesus (tingnan ang Apocalipsis 19: 15).

13. Ang dragon ay lumagay sa harapan ng babae, naghahangad na anong gawin?

Apocalipsis 12:4

Ang Mateo 2: 13-16 ay nagsasabi sa kasaysayan kung paano sinubukan ni Satanang patayin si Jesus bilang isang bata.

14. Pagkatapos bumalik ni Jesus sa langit (talatang 5), ano ngayon ang ginawa ni Satanang sa iglesia?

Apocalipsis 12:13

15. Saan ngayon dapat magtago ang tunay na iglesia?

Apocalipsis 12:14

16. Gaano katagal sa ilang ang iglesia?

Apocalipsis 12:6

Ang 1260 mga taon na pamumuno ng papa ay lumampas mula 538 hanggang 1798. Dahil sa katiwalian ng iglesiang Romano at sa kanyang pag-uusig sa mga humiwalay, ang tunay na iglesia ay napilitang magtungo sa pagtatago sa mga panahong ito. Bagamat hindi nakilala ng sanlibutan, ang mga tapat na taga-sunod ni Cristo, sa mga bato ng mga kabundukan, ay pinanatili ang kanilang pagtatapat sa katotohanan. Pangunahin ng kabilang sa mga lumaban sa mga pag-atake ng Roma ay ang mga Waldenses ng silanganang European Alps, na sa daang mga taon ay naingtan ang dalisay na mga Kasulatan at iginalang ang tunay na Sabbath.

Ang iglesia, gayun pa man, ay hindi manatili di kilala habang buhay. Kung paano tiyak na ito'y nagtungo sa ilang, ito ay lalabas. Ang iglesia ni Cristo, ang haligi at suhay ng katotohanan, ay may gawain na tatagal hanggang sa katapusan ng sanlibutan. Kaya nga dapat nating hanapin ang iglesiang iyon na muling makikita pagkatapos ng 1798 upang tapusin ang kanyang gawain.

Subalit sa daan- daang mga samahang pang-relihiyon na naglitawan ngayon, paano natin makikilala ang tunay na iglesia? Sa kabutihang palad, hindi tayo iniwan upang humula. Ang salita ng Diyos ay nagbigay ng malinaw na pagsasalarawan.

17. Nang ang iglesia ay lumitaw mula sa ilang, si Satanang ay umalis upang bumaka kanino?

Apocalipsis 12:17

Ang babae ay kakatawan sa mga iglesia na umiiral sa panahon ng 1798, o ang mga Protestanteng mga iglesia. Ang binhi ng babaeng ito ay ang magiging iglesia ng Diyos na lilitaw agad pagkatapos ng 1798. At ang Nalabi sa kaniyang binhi ay ang magiging pinaka-huling iglesia o bayan ng Diyos na lilitaw sa huling mga araw ng kasaysayan ng daigdig. Ang nalabi ay “Anumang natira...Isang retaso ng tela, natira pagkatapos na ang kabuuang bahagi ng rolyo ay naipagbili na...Isang maliit, natitirang grupo ng mga tao.” The American Heritage Dictionary. Kaya nga, ang “nalabi sa Kaniyang binhi” ay ang natira sa tunay na iglesia ni Cristo sa mga huling araw ng kasaysayan ng daigdig pagkatapos ng 1260 mga taon ay matapos at ang malaking pagtalikod sa lahat ng mga iglesia ng Sangkakristiyanuhan ay

mangyari.

18. Ang unang tandang pagkakakilanlan ng nalabi nang sila ay lumitaw pagkatapos ng 1798 ay sila ay nagsisitupad sa ano?

Apocalipsis 12:17 _____

19. Hahanapin ba natin sila na tumutupad sa lahat ng mga utos, kabilang ang isa tungkol sa Sabbath?

Santiago 2:10 _____

20. Ano ang gagawin nila sa mga kautusan ng Diyos bukod sa pag-ganap nito?

Mateo 5:19 _____

21. Ang ikalawang tandang pagkakakilanlan ng nalabi ay mayroon silang ano?

Apocalipsis 12:17 _____

Ang Griegong salita para sa “have (KJV), may (Ang Biblia)” ay #2192 sa Strong's Greek Concordance, ay nangangahulugang panghawakan o upang sumunod. Kaya nga ang “may patotoo ni Jesus” ay hindi lamang nangangahulugang ariin ito, subalit nangangahulugan itong panghawakan o sumunod dito bilang bahagi ng iyong mga paniniwala.

22. Ang patotoo ni Jesus ay ano?

Apocalipsis 19:10 _____

23. Sino, sa mga salita ng anghel kay Juan, ang mayroong patoto ni Jesus?

Apocalipsis 19:10 _____

24. Sino ang mga kapatid ni Juan?

Apocalipsis 22:9 _____

Dahil ang mga propeta ang mayroon nito, ang patoto ni Jesus, o ang espiritu ng propesiya, sa katunayan ay ang espirtual na kaloob ng propesiya. Ang pagkakaroon ng kaloob na ito, kasama ang pagtupad sa lahat ng mga utos ng Diyos, ay dalawang mga Biblical na tandang mapagkakakilanlan ng iglesia ni Cristo sa mga huling araw.

25. Ano ang sinabi ni Jesus na gagawin ng iglesia, at ang wakas ay darating?

Mateo 24:14 _____

26. Paano isinasalarawan ng Apocalipsis ang katuparan ng propesiyang iyon?

Apocalipsis 14:6 _____

Simbolikal na kumakatawan bilang mga anghel na lumilipad sa gitna ng langit, ang nalabing bayan ng Diyos ay makikitang nagdadala ng mabuting balita sa buong sanlibutan. Sa gayung mga pagkakakilanlan napansin natin sa iglesia noong kanyang unang kapanahunan ay ipinapakita sa Apocalipsis bilang sila na ating kikilalanin sa mga huling araw.

Sa Liwanag ng Salita ng Diyos....

- O** Nauunawaan kong ang paksa sa iglesia ay may pangunahing kahalagahan sa aklat ng Apocalipsis.
- O** Nauunawaan kong mayroon lamang isang tunay na pananampalataya.
- O** Nauunawaan kong ang tunay na iglesia ay makikilala sa kanyang pagtupad sa lahat sa sampung mga utos, at dahil dito na nakinabang sa kaloob ng propesiya at sumusunod sa mga katuruan nito.

Karagdagang mga puna: _____

Pangalan: _____

Susunod na Leksyon: *Ang Espiritu ng Propesiya*